**Pansangay na Patalastas Blg. 078 s. 2019**
Hunyo 27, 2019

**HASAAN 7: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN**

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
sa Elementarya at Sekondarya

1.) Alinsunod sa liham mula sa Departamento ng Filipino at Sentro sa Salin at Araling Salin ng Unibersidad ng Santo Tomas sa pakikipagtulungang sa Komisyon sa Wikang Filipino, malugod na pinababatid sa lahat ang isasagawang **HASAAN 7: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN** sa **Agosto 5 – 7, 2019** sa **Thomas Aquinas Research Complex Auditorium, Unibersidad ng Santo Tomas.** Ang mahahalagang detalye kaakibat sa naturang gawain ay napapaloob sa kalakip na Liham Paanyaya.

2.) Ang pakikilahok sa nasabing aktibidad ay BOLUNTARYO at PERSONAL. Pinaaalalahanan ang mga dadalo sa pagsunod sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepED Order No. 9, s. 2005

3.) Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**WINNIE E. BATOON, Ed.D.**
Katiwalang Opisyal
Tanggapan ng Tagapamanihalang
Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
35983
DATE: 10 JUL 2019 TIME: 10:07
BY:

Encls: as stated

References: Liham Paanyaya
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:
CURRICULUM FILIPINO PAGSASANAY
jmn: pansangay na patalastas
27 Hunyo 2019

E-MAILED LETTER

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 35983
DATE: 26 JUN 2019 TIME: 8:42AM
BY:

UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS
KOLEHIYO NG EDUKASYON
Departamento ng Filipino

UST: SO11-OO-LE376
A.Y. 2018-2019

**21 Hunyo 2019**

**Bb. Winnie E. Batoon**
**Schools Division Superintendent**
**Department of Education**

**Mahal na Bb. Batoon:**

Pagbati sa ngalan ni Santo Tomas de Aquino!

Ang Departamento ng Filipino at Sentro sa Salin at Araling Salin ng Unibersidad ng Santo Tomas sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng **HASAAN 7: Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin** sa **Agosto 5-7, 2019** sa **Thomas Aquinas Research Complex Auditorium, Unibersidad ng Santo Tomas.**

Tiyak nitong mga layunin ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang kahalagahan ng pagsasaling pampanitikan sa pagkilala sa multikultural na realidad ng Filipinas;
2. Maihambing ang iba't ibang karanasan sa pagsasaling pampanitikan mula sa iba't ibang larangan;
3. Maibahagi ang sariling obserbasyon sa mga hamon sa propesyonalisasyon sa pagsasalin sa bansa; at
4. Makilahok sa pagmumungkahi ng mga batayang hakbang sa pagsusulong ng propesyonalisasyon ng pagsasalin sa bansa.

**Kaugnay nito, maaari po ba namin kayong maanyayahan, sampu ng inyong mga kaguro, na dumalo sa nasabing kumperensiya?**

Ang halaga ng rehistrasyon ay **PhP 2, 500**. Kasama rito ang sertipiko at katunayan ng pagdalo, agahan, tanghalian at meryenda sa hapon para sa tatlong-araw na kumperensiya. Ang kumperensiya ay naghihintay na lamang din ng desisyon mula sa CPD Council for Professional Teachers ng Professional Regulation Commission para sa kaukulang CPD points.

Para makapagrehistro, mangyaring punan ang Google Form na nasa link na https://forms.gle/9mz4n2JYwRiFhZLL9.

Maaari ding magbayad sa pamamagitan ng bangko gamit ang sumusunod na mga detalye:

Account Name: **University of Santo Tomas**
Bank Name: **Bank of the Philippine Islands (BPI)**
Account Number: **0151-0000-45**

Isulat ang pangalan ng mga delegado sa deposit slip, i-scan ito at ipadala sa **fil.educ@ust.edu.ph**.

3/P Gusali Albertus Magnus, UST España Boulevard, Sampaloc, Maynila, Pilipinas, 1015
Telepono: +63-2-731-4323 / +63-2-406-1611 lokal 8260 • E-mail: education@ust.edu.ph
http://www.ust.edu.ph/education/

TÜV 9001
STARS 2017

Para sa karagdagang tanong, mangyaring sangguniin ang sinuman sa mga sumusunod:

**Asst. Prof. Catherine C. Cocabo**
**Direktor, HASAAN 7**
**cccocabo@ust.edu.ph**
**09276423078**

**Asst. Prof. Amur M. Asuncion, Ed.D.**
**Kasapi, Komite sa Sekretaryat**
**amasuncion@ust.edu.ph**

Kalakip ng liham na ito ang programa ng kumperensiya.

Maraming salamat po at nawa'y makamit namin ang positibong tugon ninyo kaugnay ng kahilingang ito.

Lubos na sumasainyo,

**Asst. Prof. Alvin Ringgo C. Reyes, LPT, M.A.**
**Tagapangulo, Departamento ng Filipino**
acreyes@ust.edu.ph **/ local 8859**

**HASAAN 7: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN**
Agosto 5-7, 2019, 8:00 n.u. - 5:00 n.h.
Thomas Aquinas Research Complex Auditorium
Unibersidad ng Santo Tomas

**Araw 1 (Agosto 5, 2019)**
Tema: Ang Papel ng Pagsasaling Pampanitikan sa Interaktibong Ugnayan ng Wikang Pambansa at Mga Katutubong Wika

| | |
|---|---|
| 7:00 – 8:30 n.u. | **Rehistrasyon** |
| 8:30 – 8:45 n.u. | **Panalangin**<br>**Pambansang Awit ng Filipinas**<br>**AB Chorale** |
| 8:45 – 9:00 n.u. | **Bating Pagtanggap**<br>Prop. Cheryl R. Peralta, DrPH<br>Bise Rektor sa mga Gawaing Akademiko<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 9:00 – 9:15 n.u. | **Kasaysayan ng HASAAN Bilang Pambansang Kumperensiya sa Filipino**<br>Kat. Prop. Alvin Ringgo C. Reyes<br>Tagapangulo, UST Departamento ng Filipino |
| 9:15 – 9:30 n.u. | **Mga Tunguhin ng Pagsasalin sa Unibersidad ng Santo Tomas**<br>Kat. Prop. Wennielyn F. Fajilan, Ph.D.<br>Tagapag-ugnay, UST Sentro sa Salin at Araling Salin |
| 9:30 – 9:45 n.u. | **Oryentasyon**<br>Kat. Prop. Catherine C. Cocabo<br>Direktor ng HASAAN 7 |
| 9:45 – 10:00 n.u. | **Agahan** |
| 10:00 – 10:45 n.u. | **Susing Pananalita**<br>National Artist Virgilio S. Almario<br>Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino |
| 10:45 – 12:00 n.t. | **Panayam 1**<br>**"Ang Kalahagahan ng Wikang Katutubo sa Pagsasalin sa Agham"**<br>Prop. Fortunato B. Sevilla III<br>Akademisyan, National Academy of Science and Technology – Philippines<br>Professor Emeritus, Unibersidad ng Santo Tomas |
| 12:00 – 1:00 n.h. | Tanghalian |

| | |
|---|---|
| 1:00 – 2:30 n.h. | **Panayam 2**<br>**"Ang Ambag ng Pagsasalin sa Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa"**<br>Dr. Galileo S. Zafra<br>Unibersidad ng Pilipinas – Diliman |
| 2:30 – 3:00 n.h. | Meryenda |
| 3:00 – 4:30 n.h. | **Panayam 3**<br>**"Ang Sining ng Saling-awit"**<br>Dr. Michael M. Coroza<br>Pamantasang Ateneo de Manila |
| 4:30 – 5:00 n.h. | Malayang Talakayan |

**Araw 2 (Agosto 6, 2019)**
Tema: Ang Papel ng Pagsasaling Pampanitikan sa Interaktibong Ugnayan ng Wikang Pambansa at Mga Katutubong Wika

| | |
|---|---|
| 8:00 – 10:00 n.u. | **Panayam 4**<br>**"Mga Praktika ng Pagsasalin sa Dula mula sa Cebuano"**<br>Dr. Arthur P. Casanova<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 10:00 – 10:30 n.u. | Agahan |
| 10:30 – 12:00 n.t. | **Panayam 5**<br>**"Katutubong Kamalayan sa Pagsasalin sa Sikolohiya"**<br>Prop. Jayson D. Petras<br>Unibersidad ng Pilipinas – Diliman |
| 12:00 – 1:00 n.h. | Tanghalian |
| 1:00 – 2:30 n.h. | **Panayam 6**<br>**"Intersemiyotikong Pagsasalin Bilang Estratehiya sa Pagtuturo sa MTB-MLE"**<br>Dr. Voltaire M. Villanueva<br>Pamantasang Normal ng Pilipinas – Maynila |
| 2:30 – 3:00 n.h. | **Meryenda** |
| 3:00 – 5:00 n.h. | **Workshop**<br>Ang Pagsasalin Bilang Estratehiya sa Pagtuturo |

**Araw 3 (Agosto 7, 2019)**
Unang Kongreso ng mga Tagasalin sa Filipino

| | |
|---|---|
| 8:00 – 9:30 n.u. | **Panayam 7**<br>**"Ang Pagsasalin Bilang Propesyon: Perspektiba ng Batas at Paggawa"**<br>Atty. Rolando D. Bernales, Ph.D.<br>National Bureau of Investigation |
| 9:30 – 10:00 n.u. | Agahan |
| 10:00 – 11:30 n.u. | **Panel Discussion**<br>Ang Kalagayan ng mga Tagasalin sa Filipino |
| 11:30 – 12:00 n.t. | **Malayang Talakayan** |
| 12:00 – 1:00 n.h. | **Tanghalian** |
| 1:00 – 3:00 n.h. | **Pagbuo ng Resolusyon para sa Pagsusulong ng Propesyonalisasyon ng Pagsasalin sa Filipino** |
| 3:00 – 3:15 n.h. | **Meryenda** |
| 3:15 – 4:00 n.h. | **Pagbuo ng Core Group para sa Pagsusulong ng Propesyonalisasyon ng Pagsasalin sa Filipino** |
| 4:00 – 5:00 n.h. | **Paggagawad ng Sertipiko ng Paglahok**<br><br>**Pangwakas na Pananalita**<br>Kaw. Prop. Pilar I. Romero, Ph.D.<br>Dekana, Kolehiyo ng Edukasyon<br><br>**Pag-awit ng Himno ng UST** |

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON<br>LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA HASAAN 7: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN, NA GAGANAPIN SA DARATING NA AGOSTO 5-7, 2019 SA THOMAS AQUINAS RESEARCH COMPLEX (TARC) AUDITORIUM, UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS, SAMPALOC, MANILA** |
| **PETSA** | : | 10 HUNYO 2019 |

---

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Unibersidad ng Santo Tomas para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Bukas ang aktibidad na ito sa lahat ng mga interesadong estudyante, tagapagturo, tagapangasiwa, at practitioner mula sa Mga Higher Education Institution (HEI).

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563*.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Alvin Ringgo C. Reyes, Tagapangulo ng Departamento ng Filipino, sa telepono blg. 0915-481-9604 at/o mag-email sa acreyes@ust.edu.ph.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA**
Tagapangulo

2019_0610_114_en_Hasaan 7: Pambansang Kumperensiya sa Pagsasalin